



Pang-aabuso ng Dote (Dowry Abuse)

Ang karahasan o panliligalig na kaugnay ng dote ay isang anyo ng karahasan sa tahanan at pamilya.

Ang mga tradisyon sa dote ay magkakaiba sa iba't ibang bansa at mga kultura.

Ang 'dote' ay isang kagawian na tumutukoy sa pera, ari-arian o mga handog na karaniwang inililipat ng pamilya ng babae sa asawang lalaki sa kanilang pagpapakasal. Ang mismong paggamit ng dote ay hindi isang anyo ng pang-aabuso.

Anumang akto ng pamimilit, karahasan o panliligalig na kaugnay ng pagbibigay o pagtanggap ng dote sa anumang pagkakataon bago ikasal, habang ikinakasal o pagkatapos ikasal ay isang uri ng pang-aabuso. Ang pang-aabuso na kaugnay ng dote ay karaniwang may kinalaman sa mga pahayag na ang dote ay hindi nabayaran at (may) mga pamimilit na makakuha ng karagdagang pera o mga regalo mula sa babae at sa kanyang mga kamag-anak.

Ang mga karahasan sa tahanan at pamilya ay mga krimeng labag sa batas ng Australya. Ang taong nagsasagawa ng ganitong mga krimen ay maaaring mabilanggo, lalaki man o babae.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nasa panganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ang pulisya sa Australya ay ligtas at mapagkakatiwalaan.

Para sa libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon tawagan ang 1800RESPECT sa **1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libheng interpreter, tumawag sa **131 450**.

Hindi kinukunsinte ng Australian Government sa anumang pagkakataon ang karahasan o panliligalig na may kinalaman sa dote.

Sineseryoso nang husto ng Australian Government (Pamahalaang Australya) ang isyu ng karahasan sa pamilya, kabilang ang karahasan at panliligalig na may kinalaman sa dote. Lahat ng mga Australyano ay may karapatang mabuhay nang walang karahasan, takot o pamimilit, anuman ang kanilang relihiyon at mga gawi sa kultura at paniniwala.

Kabilang sa karahasan at panliligalig na may kinalaman sa dote ang pag-aasal o mga pagbabanta na naglalayong supilin ang partner o kaniyang pamilya sa pamamagitan ng pananakot o pagbabanta sa kanilang kaligtasan.

Kung ikaw ay may hawak na isang visa, maaari ka pa ring makakuha ng tulong.

Hindi maaaring pagbantaan ng kapartner, mga kapamilya o iba pang mga tao sa komunidad ang katayuan ng iyong visa.

Kung may hawak kang pansamantalang Partner visa (mga subclass 309 o 820) o isang Prospective Marriage visa (subclass 300) at dumaranas ng karahasan sa pamilya dahil sa dote, mayroong mga probisyon para sa karahasan sa pamilya na nasa mga batas ng migrasyon sa Australya na nagpapahintulot sa iyong ipagpatuloy ang iyong aplikasyon para sa permanenteng Partner visa (subclass 100 o 801).

Ang dote ay hindi maaaring gamitin upang pilitin ang isang tao sa pag-aasawa.

Kung ang dote ay ginamit bilang isang paraan ng pamumuwersa sa isang tao upang magpakasal nang walang lubos at malayang pagsang-ayon, ito ay maaaring ituring na isang sapilitang kasal.

Sa Australya, lahat ay malayang pumili kung kanino at kung kailan sila magpapakasal. Labag sa batas ng Australya ang mamilit, magbanta o manloko ng sinuman para magpakasal. Labag sa batas ang manghikayat o tumulong sa pag-aasikaso ng sapilitang pagpapakasal, at maging kasangkot sa sapilitang pagpapakasal kung hindi ikaw ang biktima. Sakop dito ang mga pagpapakasal na legal, kultural at relihiyoso.

May mga serbisyo sa Australya na nagsasaalang-alang sa kultura na makakatulong.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikilingan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tawagan ang **1800 737 732** o puntahan ang **website** ng **1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

Ang **My Blue Sky** (Aking Asul na Langit) ang pambansang website at helpline sa Australya na nakatuon sa pagpigil ng sapilitang pagpapakasal, pagbibigay ng impormasyon, pagsangguni at libreng legal na payo.

Tumawag sa **(02) 9514 8115**, mag-text sa **0481 070 844**, mag-email sa **help@mybluesky.org.au**, o pumunta sa **website ng My Blue Sky** sa **www.mybluesky.org.au**.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa karahasan sa pamilya at mga visa, sapilitang pagpapakasal at pagtatrapiko ng tao ay matatagpuan sa **Department ng Home Affairs** (Kagawaran ng Suliraning Panloob) **website** sa **www.homeaffairs.gov.au** at hanapin ang "forced marriage" ("sapilitang pagpapakasal").

Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pag-iinterpretar)** (TIS) sa **131 450**. Ang interpreter mula sa TIS ay tutulong sa iyong makipag-usap sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay ng pagpapayo. Lahat ng tawag ay walang bayad at kumpidensyal.